| English | Filipino (Tagalog) |
| --- | --- |
| The ACT moved to Step 3.2 of Canberra's Recovery Plan Easing of Restrictions Roadmap **9am on Friday 9 October 2020**. | Lumipat na ang ACT sa Hakbang 3.2 ng Canberra's Recovery Plan Easing of Restrictions Roadmap **alas-9 ng umaga Biyernes ika-9 ng Oktubre 2020.** |
| **Top level summary of changes** | **Mataas na antas ng buod ng mga pagbabago** |
| • All gatherings can increase to 200 people, where one person per four square meters can be maintained.<br>• Medium-sized hospitality venues with total usable space between 101 and 200 square metres can have a maximum of 50 people throughout the venue (excluding staff).<br>• Large indoor seated venues (for example, Canberra Theatre and Llewellyn Hall) can have ticketed events up to 50% capacity, up to 1,000 people, provided they have a COVID Safe Plan for each specific event.<br>• Cinemas and movie theatres can sell up to 50% capacity of each theatre, up to 200 people.<br>• Enclosed outdoor venues with permanent tiered seating and grandstands can have up to 50% capacity, up to 1,000 people.<br>• GIO Stadium and Manuka Oval can have crowds up to 50% capacity with an appropriate COVID Safe Plan in place. | • Lahat ng mga pagtitipon ay maaaring tumaas ang bilang sa 200 katao, kung saan maaaring panatilihin ang isang tao sa bawat apat na metro kuwadrado.<br>• Ang katamtamang laking mga lugar ng hospitalidad na may kabuuang magagamit na espasyo sa pagitan ng 101 at 200 metro kuwadrado ay maaaring magkaroon ng pinakamaraming bilang na 50 katao sa buong lugar (hindi kasama sa bilang ang mga kawani).<br>• Ang malalaking panloob na lugar na may nauupuan (halimbawa, Canberra Theatre at Llewellyn Hall) ay maaaring magdaos ng tiniketan na mga kaganapan na hanggang 50% ng kapasidad, na hanggang 1,000 katao, basta't mayroon silang COVID Safe Plan para sa bawat partikular na kaganapan.<br>• Ang mga sinehan at teatro ng pelikula ay maaaring magbenta ng hanggang 50% ng kapasidad ng bawat teatro, na hanggang 200 katao.<br>• Ang nababakurang panlabas na mga lugar na may nakapirming baha-bahagdang upuan at mga grandstand ay maaaring magkaroon ng hanggang 50% ng kapasidad, na hanggang 1,000 katao.<br>• Ang GIO Stadium at Manuka Oval ay maaring magkaroon ng mga tao na hanggang 50% ng kapasidad na may itinalagang naaangkop na COVID Safe Plan. |

| | |
|---|---|
| <ul><li>Businesses, venues and facilities that are required to collect information for contact tracing are strongly encouraged to use an electronic method to collect information. The free Check In CBR app is available to fulfil this requirement.</li></ul> | <ul><li>Ang mga negosyo, lugar at pasilidad na kinakailangang mangolekta ng impormasyon para sa contact tracing ay lubos na hinihikayat na gumamit ng elektronikong paraan sa pangongolekta ng impormasyon. May makukuhang libreng Check In CBR app upang matugunan ang kahingian (requirement) na ito.</li></ul> |
| **What stays the same** | **Ano ang mananatiling gaya ng dati** |
| All previous requirements under **Step 3.1** remain in place, in particular: | Lahat ng mga naunang kahingian (requirements) sa ilalim ng **Hakbang 3.1** ay mananatiling nakatalaga, sa partikular: |
| <ul><li>No limit on household visits.</li><li>All venues, facilities and businesses must clearly display occupancy allowance at the entrance to the venue and each individual usable space, where separate spaces exist.</li><li>Venues, facilities and businesses must develop and follow a COVID Safety Plan.</li><li>Where relevant, specific business categories are required to request and keep contact information from patrons and visitors. **Electronic collection is preferred.** The free Check In CBR app is available to fulfil this requirement.</li></ul> | <ul><li>Walang limitasyon sa mga pagbisita sa sambahayan.</li><li>Kailangang malinaw na naka-displey sa lahat ng mga lugar, pasilidad at negosyo ang pinapayagang bilang ng mga tao (occupancy allowance) sa pasukan ng bawat lugar at sa bawat indibidwal na magagamit na espasyo, kung saan may magkakahiwalay na espasyo.</li><li>Ang mga lugar, pasilidad at negosyo ay dapat bumuo at sumunod sa isang COVID Safety Plan.</li><li>Kung naaangkop, ang partikular na mga kategorya ng negosyo ay kinakailangang humiling at magtabi ng impormasyon ng kontak mula sa mga parukyano at bisita. **Ang elektronikong pangongolekta ay mas pinipili.** May makukuhang libreng Check In CBR app upang matugunan ang kahingian (requirement) na ito.</li></ul> |

| **We all need to continue to be responsible** | **Lahat tayo ay kailangang patuloy na maging responsable** |
|---|---|
| The requirements under the Public Health Directions are not just the responsibility of businesses - they extend to all Canberrans. | Ang mga kahingian (requirements) sa ilalim ng mga Kautusan sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Directions) ay hindi lamang pananagutan ng mga negosyo – ang mga ito ay pananagutan ng lahat ng Canberrans. |
| We must all be sensible when having people in our homes and put in place our own control measures. This includes knowing who is there and at what times, and downloading the COVIDSafe app. | Dapat nating gamitin ang ating pag-iisip kapag tumatanggap ng mga tao sa ating tahanan at magtalaga ng sarili nating mga hakbang sa pagkontrol. Kabilang dito ang pag-alam kung sino ang naroon at kung anong oras, at pag-download ng COVIDSafe app. |
| Importantly, we must maintain our best lines of defence against the disease by physically distancing, practising good hand and respiratory hygiene, staying home if unwell and getting tested if you have symptoms. | Ang mahalaga, dapat nating panatilihin ang ating pinakamahusay na depensa laban sa sakit sa pamamagitan ng pisikal na pagdistansiya, pagsasagawa ng wastong kalinisan ng kamay at respiratoryo, pananatili sa bahay kung hindi mabuti ang pakiramdam at pagpapasuri kung ikaw ay may mga sintomas. |
| These principles have not changed and are the best way to keep our community safe and to prevent the spread of COVID-19. | Ang mga prinsipyo na ito ay hindi nagbago at pinakamahusay na paraan upang panatilihing ligtas ang ating komunidad at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. |